



FACT SHEET: Mga Highway

Proyektong Pagpapabuti ng Interchange ng mga Highway I-280/Winchester Boulevard


Pangkalahatang Ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan ng Lungsod ng San Jose at California Department of Transportation (Caltrans), ay nagmungkahi na gumawa ng mga pagpapabuti sa nasasakupan ng Interstate 280 (I-280)/Interchange at Winchester Boulevard.

Mga Layunin

Ang layunin ng proyekto ay upang:

- Mabawasan ang kasikipan at pasulungin ang mga pagpapatakbong trapiko sa mga lokal na kalsada sa lugar ng proyekto.
- Maglaan ng bagong access mula sa northbound I-280 patungong sa bahaging Winchester Boulevard
- Pabutihin ang access para sa bisikleta, pedestriyan, at pag-connect at pag-access sa transit sa lugar ng proyekto



Mga Tampok ng Proyekto

Iminumungkahi ng proyekto na tugunan ang mga layunin ng proyekto sa mga sumusunod na paraan:

- Magtayo ng isang bagong rampang palabas mula sa pahilagang I-280 hanggang sa interseksyon ng Tisch Way/Hatton Street na matatagpuan sa bahaging hilagang kanluran ng I-280/I-880/SR 17 Interchange malapit sa Winchester Boulevard.
- Tanggalin ang kasalukuyang pedestrian overcrossing sa Monroe Street at palitan ito ng isang bagong tawiran at matagal ng bahagi ng lagusan ng kasalukuyang pasilidad at susunod sa kasalukuyang mga pamantayan ng pasilidad ng ADA.
- Magdadagdag ng bagong mga pasilidad ng bisikleta at pedestriyan sa kahabaan ng Winchester Boulevard at Tisch Way.
- Magtatayo ng isang bagong direktang rampa mula pahilagang SR 17 hanggang pahilagang I-280 para palitan ang kasalukuyang loop ramp na sumasalungat sa bagong off-ramp patungong Tisch Way/Hatton Street.

Iskedyul ng Proyekto

Mga Alternatibong Pagsusuri/ Panimulang Pag-eenhinyero	Na kompleto na
Pag-aprubang Pangkapaligiran*	2020 – 2024
Pagtapos ng Disenyo*	2025 – 2028
Konstruksyon ng Proyekto*	2028 – 2031

* Hindi pa natutukoy ang pondo sa mga yugto ng proyekto. Para sa pinakakamakailang iskedyul, bumisita sa website ng proyekto: www.vta.org/280winchester

Halaga ng Proyekto/Pondo

Tinatayang \$285 milyon ang kabuuang halaga ng proyekto. Ang proyekto ay popondohan ng pinagsamang lokal at pederal na mga pondo. Ang mga lokal na pondo ay binubuo ng mga pondo kapwa ng Lungsod ng San Jose at mga pondo ng VTA 2016 Measure B.

Mga Kapartner sa Pagpopondo



Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

VTA's Community Outreach
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY

www.vta.org/280winchester
community.outreach@vta.org

